Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION
Misamis Street, Bago-Bantay, Quezon City

**UNIFIED SUPPLEMENTARY LEARNING MATERIALS**
(USLeM)

# ARALIN 1: Pangunahing Suliranin at Hamong Kinaharap ng Mga Pilipino mula 1986 Hanggang sa Kasalukuyan


**5Development & Editorial Team**

| | |
|---|---|
| **Writers:** | Gina Aimee C. Pambid \| Rowena R. Junio |
| **Illustrators:** | |
| **Layout Design Editor:** | Dr. Normina B. Hadji Yunnos |
| **Content Editors:** | Dr. Rolando E. Soriano/Leuvina D. Erni |
| **Language Editors:** | Mrs. Rowela R. Cadayon |
| **Management Team:** | Dr. Malcom S. Garma, Regional Director - NCR<br>Loreta B. Torrecampo, CESO V, SDS SDO-Pasay City<br>Dr. Arturo A. Tolentino, OIC ASDS- Pasay City<br>Dr. Genia V. Santos, CLMD Chief – NCR<br>Librado F. Torres, CID Chief SDO-Pasay City<br>Andrew E. Tan– EPS AP - NCR<br>Dennis M. Mendoza, LR EPS – NCR<br>Nancy C. Mabunga, Librarian - NCR<br>Mrs. Leuvina D. Erni , EPS-AP – SDO Pasay City<br>Dr. Normina B. Hadji Yunnos, LR EPS SDO Pasay City |



**(Pagmamay-ari ng Pamahalaan. Hindi Ipinagbibili.)**

## PAANO GAMITIN ANG MODYUL NA ITO

Bago mo simulan ang pagsagot sa modyul na ito, nais ko na pansamantala mong itigil ang mga gawain na maaaring makasagabal habang ikaw ay nag-aaral. Basahin ang mga panuto sa ibaba para matagumpay mong maisakatupan ang mga layunin ng ating aralin.

1. Sundin nang Mabuti ang lahat ng nilalaman at panuto na nakapaloob sa bawat pahina ng modyul na ito.
2. Isulat sa iyong kwaderno o malinis na papel ang mga konsepto o kaisipan tungkol sa mga aralin. Ang pagsusulat ay nagpapayaman ng pagkatuto na mahalagang linangin at laging isaisip.
3. Isakatuparan ang lahat ng inilaang gawain dito sa modyul.
4. Huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapag daloy sa iyong mga sagot.
5. Suriin nang mabuti ang pangwakas na pagsusulit at isagawa ang mga iyong natutunan.
6. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa. Kaya mo ito!

## Mga Bahagi ng Modyul

- **Inaasahan** – Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga kailangan mong matutuhan sa modyul.
- **Unang Pagsubok –** Sa pagsusulit na ito, susukatin ang mga kaalaman mo at mga konspetong aalamin sa aralin.
- **Balik-Tanaw –** Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon.
- **Maikling Pagpapakilala ng Aralin –** Sa bahaging ito, ipakikita ang kabuoang kaisipan ng aralin.
- **Mga Gawain** – Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa.
- **Tandaan –** Sa bahaging ito, nilalagom ang mga konsepto at paglalapat ng mga aralin.
- **Pag-alam sa Natutuhan –** Dito matutukoy ang iyong mga natutuhan sa aralin.
- **Pangwakas na Pagsusulit –** Ito ay gawain nanaglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi mula sa buong modyul.

## ARALIN 1: Pangunahing Suliranin at Hamong Kinaharap ng Mga Pilipino mula 1986 Hanggang sa Kasalukuyan

**INAASAHAN:**

1. Naisa-isa ang mga pangunahing suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino sa panahon ng panunungkulan ng mga pangulo mula 1986
2. Natatalakay ang mga pangunahing suliranin at hamong kinaharap ng Pilipino sa panahon ng panunungkulan mga pangulo mula 1986

## UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: Suriin at unawaing mabuti ang mga pahayag. Piliin ang tamang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang letra ng tamang sagot.

| | |
|---|---|
| A. *COVID 19* | D. Korapsyon |
| B. *Climate Change* | E. Krisis sa ekonomiya |
| C. Kalamidad | F. Rebelyon |

_______1. Ito ang dahilan ng kahirapan, kawalan ng trabaho at takot na nararamdaman ng mga Pilipino sa kasalukuyan.
_______2. Ang bagsik nito na sumisira sa mga ari-arian at kumikitil ng buhay ay malaking hamon na nararanasan ng mga Pilipino taon-taon.
_______3. Ito ay hamon sa bawat pamahalaan mula 1986 na pinagtutuunan ng pansin ukol pagbabago ng klima at pagtaas ng temperatura sa mundo.
_______4. Isa sa mga dahilan ng mabagal na pag-usad ng mga proyekto ng pamahalaan ay ang mga tiwaling opisyal at ginagawang ___________.
_______5. Ang pagtaas ng presyo ng bilihin at pagbaba ng halaga ng piso na nararanasan ay ilan lamang sa mga dahilan ng _____________.

## BALIKTANAW

**Panuto**: Basahin at sagutin ang mga tanong.

1. Ano-ano ang mga naging suliranin na naranasan ng mga Pilipino sa pamunuan ng bawat pangulo mula noong 1986 hanggang ngayon?
2. Paano nakaapekto ang mga suliranin at hamon sa pamumuhay ng mga Pilipino?

## MAIKLING PAGPAPAKILALA SA ARALIN

Ang mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino sa bawat pamunuan ng mga pangulo.

1. Pangulong Corazon C. Aquino (1986-1992)
   - Patuloy na pakikipaglaban ng mga rebelde para sa kanilang ideolohiya.
   - Laganap na kahirapan at bagsak na ekonomiya
   - Kalamidad gaya ng intensity 7.7 na lindol (1990), pagputok ng Bulkang Pinatubo sa Zambales at mga pagbaha sa Ormoc at Leyte (1991)
2. Pangulong Fidel V. Ramos (1992-1998)
   - Ang krisis sa kuryente o power shortage na tumatagal sa walo hanggang 10 oras araw-araw noong 1993.
   - Pagbaba ng halaga ng piso.
   - Katiwalian ng mga opisyal sa iba't ibang kagawaran ng pamahalaan.
   - Matinding tagtuyot na dala ng *El Niño*.

3. Pangulong Joseph E. Estrada (1998-2001)
    - Ang suliranin sa kapayapaan dahil sa pagbomba at kidnap-for-ransom na kagagawan ng terorista.
    - Ang pagtaas ng presyo ng mga bilihin ang dahilan ng pagbagsak ng halaga ng piso at resulta ng *Asian Economic Crisis*.
    - Isyung katiwalian laban sa mga namumuno,
4. Pangulong Gloria M. Arroyo (2001-2010)
    - Isyu ng pandaraya sa eleksiyon ng pangulo noong Mayo 2004.
    - Mga anomalyang transaksyon hinggil sa mga proyekto ng pamahalaan.
    - Trahedya sa dagat na oil spill sa karagatan ng Guimaras at super typhoon na Milenyo.
5. Pangulong Benigno Simeon C. Aquino (2010-2016)
    - Ang usapin tungkol sa legal na may-ari ng mga lugar na sakop ng teritoryo ng Pilipinas sa bahagi ng *West Philippine Sea* – ang **Spratly Islands at Scarborough Shoal.**
    - Pag-uusig at pagtanggal sa pwesto sa mga tiwaling opisyal at kawani.
    - Mga kalamidad dahil sa *Climate Change*
6. Pangulong Rodrigo R. Duterte (2016-Kasalukuyan)
    - Mga namamatay at inaaresto dahil sa pinagbabawal na droga
    - Matinding trapiko sa Kamaynilaan at iba pang lungsod na nakaapekto sa ekonomiya
    - Pandemya ng *COVID 19*
    - Ang suliraning pangkapayapaan sa mga komunista at terorista.
    - Mga katiwalian gaya ng korapsyon ng mga opisyal at kawani sa ibat-ibang ahensya ng pamahalaan.

## GAWAIN 1

**Panuto**: Hanapin sa **Hanay B** ang pangulong kumaharap sa mga suliraning nasa **Hanay A**. Isulat ang sagot sa patlang sa unahan ng bilang.

| | Hanay A | Hanay B |
|---|---|---|
| _____ 1. | Benigno Simeon C. Aquino | A. Pagputok ng Bulkang Pinatubo. |
| _____ 2. | Corazon Aquino | B. Matinding trapiko sa Kamaynilaan at iba pang malalaking lungsod ng bansa |
| _____ 3. | Gloria M. Arroyo | C. Isyu ng pandaraya noong Mayo 2004 eleksiyon |
| _____ 4. | Joseph Estrada | D. Pagtaas ng presyo ng bilihin at pagbagsak ng halaga ng piso |
| _____ 5. | Rodrigo R. Duterte | E. Pag-aagawan sa pagmamay-ari sa Spratly Islands at Scarborough Shoal |

| | | |
|---|---|---|
| | | F. Matinding tag-tuyot sa iba't ibang bahagi ng bansa |

## GAWAIN 2

**Panuto**: Isulat ang mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino sa pamunuan ng pangulo sa graphic organizer. Piliin ang sagot sa loob ng kahon.

| PANGULO | | SULIRANIN/HAMON |
|---|---|---|
| Corazon C. Aquino | ⇒ | |
| Fidel V. Ramos | ⇒ | |
| Joseph E. Estrada | ⇒ | |
| Gloria M. Arroyo | ⇒ | |
| Benigno Simeon C. Aquino | ⇒ | |

A. Matinding suliranin sa agrikultura at El Niño
B. Isyu ng korapsyon
C. Maanomalyang transaksyon
D. Intensity 7.7 na lindol sa Luzon
E. Pag-uusig sa mga tiwaling opisyal.

## TANDAAN

Maraming kinaharap na mga suliranin at hamon ang mga Pilipino sa bawat pamunuan ng mga pangulo mula 1986 hanggang sa kasalukuyan gaya ng pagbagsak ng kabuhayan, usaping pangkapayapaan, katiwalian ng mga namumuno, kawani, kalamidad at trahedya.

## PAG-ALAM SA NATUTUHAN

**Panuto**: Basahin at sagutin ang mga tanong.

1. Bakit mahalagang malaman ang mga naging suliranin ng mga Pilipino sa bawat pamahalaang nagdaan at sa kasalukuyan?

   ______________________________________________

2. Ano ang mga nararapat nating gawin upang malampasan ang mga suliranin na nakakaapekto sa ating kabuhayan?

   ______________________________________________

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Basahing mabuti ang mga tanong at bilugan ang letra ng tamang sagot

1. Alin ang hamon at suliraning patuloy na nararanasan na may dalang bagsik na sumisira sa kabuhayan ng mga Pilipino?
   A. matinding trapiko  C. natural na kalamidad
   B. pagputok ng mga bulkan  D. rebelyon ng mga sundalo

2. Ano ang suliranin ang nais na pigilan na ginagawa ng mga tiwaling opisyal at kawani ng pamahalaan na nagpapabagal sa mga proyekto ng pamahalaan?
   A. korapsyon C. pamumulitika
   B. ningas kugon D. palakasan sa pinuno
3. Ano ang krisis na patuloy na kinakaharap ng mga Pilipino dala ng mataas ng presyo ng bilihin at mababang halaga ng piso?
   A. ekonomiya C. kalusugan
   B. kapayapaan D. pagkain
4. Alin ang kinakaharap ng bansa ukol sa pagtaas ng temperatura at pagbabago ng klima na may malaking epekto sa pamumuhay ng mga Pilipino?
   A. *El Niṅo* C. *Greenhouse Effect*
   B. *La Niṅa* D. *Climate Change*
5. Ano ang virus na nagdulot ng kahirapan at takot sa maraming Pilipino sa kasalukuyan?
   A. *COVID 19* C. *SARS*
   B. *MERS COV* D. *Zirka*

## ARALIN 2: Programang Ipinatupad ng Iba't Ibang Administrasyon sa Pagtugon sa mga Suliranin at Hamong Kinaharap ng mga Pilipino mula 1986 Hanggang sa Kasalukuyan

**INAASAHAN:**

1. Natatalakay ang mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1986 hanggang sa kasalukuyan
2. Naipaliliwanag ang mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1986 hanggang sa kasalukuyan

### UNANG PAGSUBOK

**Panuto**: Basahing mabuti ang mga tanong. Isulat ang letra ng tamang sagot sa patlang.

_______1. Alin sa mga sumusunod ang programang pangkalakalan na ipinatupad ni Pangulong Corazon Aquino sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng bansa sa kanyang pamamahala?
   A. Angat Pinoy 2004 C. *Philippines 2000*
   B. *People Empowerment* D. *Trade Liberalization*

_______ 2.Sinong pangulo na pingalanang *Philippines 2000* ang pangkalahatang programang pangkaunlaran?
   A. Corazon Aquino C. Fidel Ramos
   B. Benigno Aquino III D. Joseph Estrada

_______3. Ano ang programang isinagawa ni Pangulong Estrada na may layuning magkaroon ng mga rolling stores na nagtitinda ng murang bigas at iba pang pangunahing pangangailangan ng mamamayan?

A. *Enhanced Retail Access for the Poor or ERAP*
B. Tindahan ni Gloria Labandera Rolling Store
C. Botika ng Barangay o BnBs
D. SEA-K Program

_______4. Alin sa mga sumusunod ang **HINDI** programa na ipinatupad ni Pangulong Gloria Macapagal Arroyo sa kanyang pamamahala?
A. Pagtatatag ng RORO o *Strong Republic Nautical Highway*
B. Pagkakaroon ng Gloria Labandera Rolling Store
C. Pagsasagawa ng *Adopt-a-School Program*
D. Pagpapatupad ng KALAHI Program

_______5. Ano ang naging tugon ng pamahalaan ni Pangulong Benigno Aquino III ukol sa pagpapabuti ng kalagayan ng pamumuhay ng mga mamamayang Pilipino?
A. Nagkaroon ng mga rolling stores para sa murang bigas at pagkain
B. Nagpatupad ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program o 4Ps
C. Namahagi ng mga lupain para sa mga magsasaka
D. Nagbigay ng mga relief goods at tulong sa mahihirap

## BALIKTANAW

**Panuto**: Basahin at sagutin ang mga tanong.

1. Anu-ano ang mga suliranin ng bansa na higit na nakaapekto sa mga mamamayan?
2. Ano ang magagawa ng mamamayan upang matugunan ang mga suliraning ito?

## MAIKLING PAGPAPAKILALA SA ARALIN

Ang mga naging pangulo ng bansa ay nagpatupad ng iba't ibang patakaran at programa upang matugunan ang mga suliranin at hamong kinaharap ng bansa mula 1986 hanggang sa kasalukuyan.

**CORAZON C. AQUINO** (Pebrero 1986-Hunyo 1992)

- Pagpapatupad ng *Trade Liberalization*
- Paglikha ng Presidential *Commission on Good Government* (PCGG) na nagsagawa ng pagbawi ng nakaw na yaman na sinasabing nasa pamilyang Marcos
- Pagpapatupad ng *Comprehensive Agrarian Reform Program* na nagtakda ng ganap na pagmamay-ari ng mga magsasaka sa sinasakang lupa
- *Free Public Secondary Education Act* of 1988 na nagbigay ng libreng edukasyon sa mataas na paaralan
- **Batas Republika Blg. 6675** o ang Batas Generics 1988 na nagtakda ng paggamit ng generic na gamot na mas abot kaya ngunit kasing bisa ng branded.

- Paglagda sa *Local Government Code* (R.A. 7160) na naging simula ng disentralisasyon sa pamamahala

**FIDEL V. RAMOS** (Hunyo 1992-Hunyo1998)
- Pagtataguyod ng programang *Philippines 2000* upang maging isang *Newly Industrialized Country* ang bansa
- Pagtatatag ng Presidential Anti-Crime Commission upang masugpo ang paglaganap ng krimen sa bansa
- Pinagtibay ang *Electric Power Crisis Act* upang tugunan ang krisis sa enerhiya
- Pagbuo sa *Special Zone for Peace and Development in Southern Philippines* (SZOPAD) na nagsulong ng usaping pangkapayapaan sa Mindanao

**JOSEPH E. ESTRADA** (Hunyo 1998-Enero 2001)
- Pagkakaroon ng mga *rolling store* na nagtitinda ng murang bigas at iba pang pangunahing pangangailangan sa ilalim ng programang *Enhanced Retail Access for the Poor*.
- Pagtatatag ng Presidential Anti-Organized Crime Task Force (PAOCTF) upang masugpo ang lumalaganap na kidnapping at bank robbery sa bansa.
- Naging prayoridad ang pagsasaayos ng pamumuhay ng mga mahihirap na Pilipino sa pamamagitan ng *Poverty Eradication Program*

**GLORIA MACAPAGAL ARROYO** (Enero 2001-Hunyo 2010)
- Pagsasagawa ng *lifestyle check* sa mga opisyal ng pamahalaan sa ilalim ng *Presidential Anti-Graft Commission*
- Pagpapatupad ng KALAHI Program
- Pagpapatupad ng *Strong Republic Nautical Highway* o RORO na naglalayon na pag-isahin ang sistema ng lansangan at daungan na nag-uugnay sa Luzon, Visayas at Mindanao sa pamamagitan ng tinaguriang *Highways of the Sea* o *roll-on roll-off ferries*.
- Pagkakaroon ng Gloria Labandera Rolling Store na nagtitinda ng pagkain at gamot sa mas murang halaga
- Pagpapatibay sa Power Reform Program Act, Anti-Money Laundering Act at E-VAT

**BENIGNO SIMEON C. AQUINO III** (Hunyo 2010-Hunyo 2016)
- Nadagdagan ng 2 taon ang pag-aaral sa ilalim ng basic education dahil sa paglulunsad ng *K to 12 Program*
- Nagsampa ng kaso sa *International Arbitration Court* upang pigilin ang patuloy na paglabag ng China sa mga pandaigdigang kasunduan sa mga karapatan ng bansa sa katubigan at kalupaan sa loob ng kanilang teritoryo.
- Pinalawak na pagpapatupad ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program o 4Ps na naglalayon na matulungan ang mahihirap na pamilya sa pamamagitan ng pagbibigay ng tulong pinansyal o *cash grant.*
- Pagbuo ng **Republic Act No. 6713** o ang *Code of Conduct for Ethical Standards for Public Officials and Employees* na nagtakda ng mga

pamantayan sa pagganap sa tungkulin ng mga kawani at opisyal ng pamahalaan.

**RODRIGO R. DUTERTE** (Hunyo 2016-Kasalukuyan)

- Pagsasagawa ng *Build, Build, Build Program* na naglalayong maglatag ng malaking proyektong pang-imprastraktura. Ito ay may 75 *flagship projects* tulad ng lansangan at tulay, *seaports* at *airports, flood control* at *water resource facilities, railways* at mga pasilidad para sa *public transport.*
- Pagpapalawig sa expiration ng *passport* at *driver's license*

## GAWAIN 1

**Panuto**: Itala ang mga programang ipinatupad ng iba't ibang administrasyon sa pagtugon sa mga suliranin at hamong kinaharap ng bansa mula 1986 hanggang kasalukuyan.

| Pangulo | Iba't Ibang Programang Ipinatupad |
|---|---|
| A. Corazon C. Aquino | |
| B. Fidel V. Ramos | |
| C. Joseph Estrada | |
| D. Gloria Macapagal Arroyo | |
| E. Benigno Simeon Aquino III | |
| F. Rodrigo R. Duterte | |

## GAWAIN 2

**Panuto**: Hanapin sa **Hanay B** ang mga programang ipinatupad ng mga pangulo na nakatala sa **Hanay A**. Isulat lamang ang letra ng tamang sagot.

| HANAY A | HANAY B |
|---|---|
| _______ 1. Benigno Aquino III | A. Build,Build,Build Program |
| _______ 2. Corazon C. Aquino | B. KALAHI Program |
| _______ 3. Gloria Arroyo | C. *Free Public Secondary Education Act* |
| _______ 4. Joseph Estrada | D. K to 12 Program |
| _______ 5. Rodrigo Duterte | E. *Poverty Eradication Program* |
| | F. *Presidential Anti-Crime Commission* |

## TANDAAN

Iba't ibang mga programa ang inilunsad ng pamahalaan upang matugunan ang mga suliranin at hamong kinaharap ng mga Pilipino mula 1986 hanggang sa kasalukuyan.

## PAG-ALAM SA KATOTOHANAN

**Panuto**: Basahin at sagutin ang mga tanong.

1. Alin sa mga programang inilunsad ng mga pangulo ang higit na nakatulong sa pagtugon sa mga suliranin at hamon ng bansa?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

2. Bilang mag-aaral, paano kayo makatutulong sa paglutas ng mga suliranin na kinakaharap ng bansa sa kasalukuyan?
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________
   ______________________________________________

## PANGWAKAS NA PAGSUSULIT

**Panuto:** Basahing mabuti ang mga tanong. Bilugan ang letra ng tamang sagot

1. Isa sa mga naging programa ng administrasyon nito ay ang *K to 12 Program* na naglalayong dagdagan ng 2 pang taon ang pag-aaral sa ilalim ng *Basic Education.*
   A. Benigno Aquino III    C. Joseph Estrada
   B. Fidel V. Ramos    D. Rodrigo R. Duterte

2. Isa sa naging hakbang ng kanyang administrasyon ang paglulunsad ng *Philippines 2000* na naglalayong maging isang *Newly Industrialized Country* ang Pilipinas.
   A. Corazon C. Aquino
   B. Fidel V. Ramos
   C. Gloria Arroyo
   D. Joseph Estrada

3. Naging prayoridad ng kanyang pamahalaan ang pagtugon sa kapakanan ng mga maralita at naghihikahos na pamilyang Pilipino.
   A. Corazon C. Aquino
   B. Fidel V. Ramos
   C. Gloria Arroyo
   D. Joseph Estrada

4. Sa kanyang panunungkulan ipinag-utos ang pagsasagawa ng "lifestyle check" sa mga opisyal ng pamahalaan sa ilalim ng *Presidential Anti-Graft Commission*.
   A. Corazon C. Aquino
   B. Fidel V. Ramos
   C. Gloria Arroyo
   D. Joseph Estrada

5. Isinulong ng kanyang administrasyon ang programang naglalayong maglatag ng malaking proyektong imprastraktura tulad ng mahahabang tulay, flood control *facilities, water system projects, airports, railways, seaports* at *energy facilities* sa ilalim ng *Build, Build, Build Program*.
   A. Benigno Aquino III
   B. Fidel V. Ramos
   C. Joseph Estrada
   D. Rodrigo R. Duterte

**SANGGUNIAN**

- Rama, Michael DC et al, Pilipinas Isang Sulyap at Pagyakap EdCrisch International, Inc Makati City, 2006
- Julian,A. at Lontoc,S  Lakbay ng Lahing Pilipino 5 Phoenix Publishing House Quezon City  Phils. 2018
- https://www.philstar.com/pang-masa/punto-mo/2018/09/01/1847618/build-build-build
- http://balita.net.ph/2018/01/21/build-build-build-2/
- https://www.philstar.com/pilipino-star-ngayon/bansa/2017/08/02/1724108/10-year-validity-ng-passport-batas-na